4

# Sagutang Papel sa Filipino

Kuwarter 3

Aralin 2

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Sagutang Papel sa Filipino Baitang 4**
**Kuwarter 3: Aralin 2 (Linggo 2)**
**TP 2023-2024**

Ang kagamitang panturong ito ay eksklusibo sa mga gurong kalahok para paunang papapatupad o implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2023-2024. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagapagbuo**

**Manunulat:**
- Maria Fe G. Hicana (Philippine Normal University - Manila)

**Tagasuri:**
- Jasper Lomtong (Philippine Normal University - Manila)

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University
Research Center for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph.

## SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino | **Kuwarter:** | Ikatlo |
| **Bilang ng Aralin:** | 2 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | Liham Pangkaibigan (Pakikiramay) | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Gawain Bilang 1: Bahagi ng Liham (10 minuto)**


**II. Layunin:**

Natutukoy ang iba't ibang bahagi ng liham.


• *liham pangkaibigan (pakikiramay)*

**III. Kailangang Materyal:** lapis


**IV. Panuto:** Tukuyin kung anong bahagi ng liham ang nasa larawan. Isulat sa patlang ang sagot.

1. 


**Sagot:** ____________________

2. 

**Sagot:** ____________________

3. 

**Sagot:** ____________________

4. 

**Sagot:** ____________________

5.  **Sagot:** ______________________

**B**. Pagtapatin ang nakasaad na bahagi ng liham sa hanay A at hanapin ang sagot nito sa hanay B. Isulat ang titik sa patlang.

| **Hanay A** | **Hanay B** |
|---|---|
| ________ 1. Nagsasaad ng pangalan ng sumulat ng liham | a. Lagda |
| ________ 2. Nakasulat sa bahaging ito ang mensaheng nais iparating sa sinulatan | b. Pamuhatan |
| ________ 3. Nakasulat ang huling pagbati sa sinulatan | c. Bating panimula |
| ________ 4. Nakasulat dito ang pinagmulan ng liham, adres, at petsa | d. Bating Pangwakas |
| ________ 5. Tumutukoy sa pangalan ng sinulatan | e. Katawan ng Liham |

## V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak

Isulat kung ano ang matatagpuan sa bawat bahagi ng liham na nakasaad.

| **Bahagi Ng Liham** | **Nilalaman Nito** |
|---|---|
| 1. Katawan ng Liham | ______________________<br>______________________<br>______________________ |

| | |
|---|---|
| 2. Lagda | ______________________<br>______________________<br>______________________ |
| 3. Bating Pangwakas | ______________________<br>______________________<br>______________________ |
| 4. Pamuhatan | ______________________<br>______________________<br>______________________ |
| 5. Bating Panimula | ______________________<br>______________________ |

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino | **Kuwarter:** | Ikatlo |
| **Bilang ng Aralin:** | 2 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | Liham Pangkaibigan (Pakikiramay) | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Gawain Bilang 2: Pagsulat ng Liham Pakikiramay (30 minuto)**

**II. Layunin:**

Nakabubuo ng teksto batay sa iba't ibang layon ng akademiya at transaksiyonal na teksto.

- *liham pangkaibigan (pakikiramay)*

**III. Kailangang Materyal:** lapis, papel

**IV. Panuto:** Basahing mabuti ang liham. Pagkatapos ay sagutin ang mga tanong.

123 Matatag Street
Green Park Homes
Enero 29, 2024

Mahal kong Kaibigan,

Nais kong iparating ang aking taos-pusong pakikiramay sa pagpanaw ng iyong ama. Ang kaniyang pagkawala ay isang malungkot na pangyayari na nagdadala ng lungkot sa ating lahat. Bilang iyong kaibigan, nais kong iparating ang aking pakikiramay at suporta sa inyong pamilya sa oras ng malungkot na pangyayaring ito. Nawa'y mahanap ninyo ang lakas at kapanatagan sa isa't isa sa pagharap sa pagsubok na ito.

Ako ay narito upang tumulong at makidalamhati sa iyo. Ang aking puso ay kasama mo sa pagdadalamhati at pagluha. Hindi natin maiiwasan ang lungkot ngunit sa pagtutulungan at pagmamahalan ng bawat isa, maaaring maging mas maligaya ang pag-alala natin sa iyong tatay.

Nawa'y makamtan ng inyong pamilya ang kapayapaan at lakas sa panahong ito ng pagdadalamhati.

Taos-puso kong nakikiramay,
Althea G. Gannaban

**Mga Tanong:**

1. Paano sinimulan ng kaibigan ang liham ng pakikiramay?

   **Sagot:** ____________________________________________

2. Ano ang nilalaman ng unang bahagi ng liham?

   **Sagot:** ____________________________________________

3. Ano ang kaibahan ng ikalawang talata ng liham sa unang bahagi nito?

   **Sagot:** ____________________________________________

4. Paano winakasan ang liham?

   **Sagot:** ____________________________________________

5. Ano-ano ang mga salita o pariralang ginamit upang maipaabot ang liham pakikiramay?

   **Sagot:** ____________________________________________

**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

**Dyad:** Sumulat ng liham batay sa sitwasyong nakasaad.

| Sitwasyon | Liham |
|---|---|
| 1. Nabalitaan mo na kaya pala liban ang iyong guro ay namatay ang lolo nito. Paano ka susulat ng liham? | ____________________<br>____________________<br>____________________<br><br>Mahal ____________________,<br><br>____________________________________________<br>____________________________________________<br>____________________________________________<br>____________________________________________<br><br>____________________________________________<br>____________________________________________<br>____________________________________________<br>____________________________________________ |

| | |
|---|---|
| | ______________________________________________<br>__________________________________________________<br>__________________________________________________<br>__________________________________________________<br><br>________________ ,<br>________________ |
| 2. Matagal mo nang hindi nakikita ang matalik mong kaibigan. Nalaman mo sa iyong Nanay na namatay na pala ang kaniyang Tiya na nagpapaaral sa kaniya. Ano ang isusulat mo sa kaniya? | _______________<br>_______________<br>_______________<br><br>Mahal ______________,<br><br>______________________________________________<br>__________________________________________________<br>__________________________________________________<br>__________________________________________________<br><br>______________________________________________<br>__________________________________________________<br>__________________________________________________<br>__________________________________________________<br><br>______________________________________________<br>__________________________________________________<br>__________________________________________________<br>__________________________________________________<br><br>________________ ,<br>________________ |

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino | **Kuwarter:** | Ikatlo |
| **Bilang ng Aralin:** | 2 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | Hugnayang Pangungusap | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

I. **Gawain Bilang 3: Hugnayang Pangungusap (10 minuto)**

II. **Layunin:** Nakabubuo ng pahayag gamit ang hugnayang pangungusap.

III. **Kailangang Materyal:** lapis

IV. **Panuto:**

**A.** Tukuyin kung anong uri ng pangungusap ayon sa kayarian ang sumusunod. Isulat sa patlang ang **P** kung ito ay payak, isulat naman ang **T** kung tambalan, **H** kung hugnayan at isulat ang **L** kung langkapan.

__________1. Lahat ng tao ay namamatay.

__________2. Kung hindi ka pa nakasulat ng liham pakikiramay sa iyong kaibigan sa susunod ay dapat gawin mo na para hindi ka magsisi.

__________3. Dapat nating tandaan na ang tao ay nabubuhay at namamatay din kaya dapat tayong maging mabuting bata.

__________4. Mas mabuting puntahan ang namatayan bilang pakikiramay.

__________5. Bilang bata ay dapat maging magalang sa pakikiramay, gayundin, kahit matanda na ay dapat pa rin maging magalang.

__________6. Sumulat ako upang makidalamhati sa iyo.

__________7. Ang aking puso ay kasama mo sa pagdadalamhati at pagluha.

__________8. Hindi natin maiiwasan ang lungkot ngunit lilipas din ang kalungkutan.

__________9. Nawa'y makamtan ng inyong pamilya ang kapayapaan.

__________10. Alam kong labis ang iyong kalungkutan ngunit alalahanin mong may kaibigan kang malalapitan.

**B.** Dugtungan ang mga hugnayang pangungusap upang mabuo ito.

1. Ang liham pakikiramay ay isang uri ng liham pangkaibigan kaya sa pagsulat nito dapat na ____________________________________________
2. Upang madaling basahin ang dahilan ng pagsulat ng liham sa kaibigan kailangang ____________________________________________
3. Kung gusto mong makiramay sa iyong kaibigan, ____________________________________________
4. Nakakalungkot malaman kapag namatayan ang kaibigan mo pero ____________________________________________
5. Kapag pumunta ka sa lamay ng iyong kaibigan dapat lang na ____________________________________________
6. Nais kong iparating ang aking taos-pusong pakikiramay sa pagpanaw ng iyong ina kaya ____________________________________________
7. Nawa'y makamtan ng inyong pamilya ang kapayapaan subalit ____________________________________________
8. Matutuwa akong magkita tayong muli kung ____________________________________________
9. Alam kong labis ang iyong kalungkutan ngunit ____________________________________________
10. Maaari mo akong puntahan sa bahay kapag ____________________________________________

**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

Sagutin ayon sa iyong pagkaunawa:

1. Ano ang bumubuo sa hugnayang pangungusap?

**Sagot:** ____________________________________________

2. Paano pinag-uugnay ang mga sugnay sa hugnayang pangungusap?

**Sagot:** ____________________________________________

3. Ano ang kaibahan ng hugnayang pangungusap sa tambalang pangungusap?

**Sagot:** ____________________________________________

4. Ano naman ang kaibahan ng langkapang pangungusap sa hugnayang pangungusap?

**Sagot:** ____________________________________________

5. Ano ang pagkaunawa mo kapag payak ang pangungusap?

**Sagot:** ____________________________________________